# KALIGTASAN SA PANAHON NG PAGBAGYO

## MANATILING LIGTAS SA BAHA

**Kumusta, mga taga-California! Habang nagdadala ng mga bagong hamon sa ating estado ang mas malamig na buwan, tulad ng mga baha, kumikilos ang Listos California upang protektahan ang ating mga komunidad.**

**Habang naghahanda ang Tanggapan ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya ng Gobernador ng California (Cal OES) at mga unang tagatugon sa ating estado para sa matinding panahong ito na dulot ng klima, may ilang simpleng hakbang na IYONG magagawa ngayon upang panatilihing ligtas ang iyong sarili, ang iyong mga mahal sa buhay, at mga kapitbahay sa panahon ng pagbaha.**

**Maaaring mangyari ang karamihan ng pagbaha pagkatapos ng labis at matinding pag-ulan mula sa matitinding bagyo. Ang pagbaha ay maaaring mabilis na mabuo, mangyari kahit saan, at makatangay ng karamihan sa mga bagay na nasa landas nito.**

### ALAMIN KUNG SAAN NANGYAYARI ANG MGA PAGBAHA

- Sa **mga baybaying lugar:** Ang tubig mula sa storm surge ay maaaring mabilis na tumaas mula sa karagatan at bumaha sa karaniwang tuyong lupain sa baybayin. Nangyayari ang matinding pagbaha kapag nagaganap ang storm surge kasabay ng high tide.
- Sa mga lugar na malapit sa **rivers and streams:** Ang labis na pag-ulan ay maaaring mabilis na makapagpaapaw sa mga tabing-ilog, lalo na kung basa na ang kalapit na lupa dahil sa mga nakaraang pag-ulan.

### MAGHANDA PARA SA ISANG BAHA

- Mag-sign up para sa mga lokal na alertong pang-emerhensiya sa **ListosCalifornia.org/Alerts** upang makatanggap ng mga alerto sa iyong telepono.
- Bigyang-pansin ang mga awtoridad at lokal na balita. Maghandang ilikas ang lahat ng tao at hayop sa mas mataas na lugar kung iuutos ito.
- Maghanda ng Go Bag na may mahahalagang dokumento at personal na bagay na gusto mong makuha kung kailangan mong umalis ng bahay nang mabilis.
- Ihanda ang mga materyales sa pagkontrol sa baha, tulad ng plywood, plastic sheeting, mga pako ng tabla, isang martilyo at lagari, isang pry bar, mga pala, at mga sandbag. Gumamit ng mga plastik na trapal at sandbag upang pigilan ang baha sa pagpasok sa mga lugar na madaling maapektuhan, tulad ng mga pintuan sa labas at garahe.
- Maaaring sabihin sa iyo ng mga lokal na awtoridad na mas ligtas na manatili sa kinalalagyan mo kung hindi nakakaapekto sa iyong kapitbahayan ang pagbaha. Mag-empake ng Stay Box na may mga galong pitsel ng tubig, pagkaing puwede mong kainin kung walang kuryente at mga bagay na ginagamit mo araw-araw. Magplanong magkaroon ng sapat ng iyong kailangan para sa iyong buong pamilya.

# MANATILING LIGTAS SA **BAHA**

## MAGHANDA PARA SA ISANG BAHA

- Kumustahin ang mga kapitbahay. Maaaring mangailangan ng karagdagang tulong ang mga matanda, taong may kapansanan, at pamilyang may maliliit na bata.
- Ang mga bagyong nagdadala ng malalakas na hangin at pagbaha ay maaari ring magdulot ng mga natumbang linya ng kuryente at pagkawala ng kuryente. Magkaroon ng sapat na tubig at pagkaing hindi kailangang palamigin para sa bawat miyembro ng iyong sambahayan. Ganap na i-charge ang mga backup na baterya, maghandang panatilihing malamig ang mga gamot at naka-charge ang mga medikal na kagamitan, at magkaroon ng access sa radyong pinapagana ng baterya para sa mga balita.

## MANATILING LIGTAS SA PANAHON NG BAHA

- Huwag maglalakad sa umaagos na tubig. Mapapatumba ka ng kahit 6 na pulgada lang ng tubig. Kadalasan, hindi mo masasabi kung gaano ito kalalim o kung ano ang itinatago ng tubig.
- Ang kasing babaw lang ng 6 na pulgada ng tubig ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng kontrol ng sasakyan. Ang kahit 12 pulgada ng tubig lang ay kayang tangayin ang karamihan ng sasakyan at ang 2 talampakan ng rumaragasang tubig ay kayang umanod ng anumang sasakyan—mga kotse, SUV, at trak. Huwag magmamaneho sa baha. Halos kalahati ng lahat ng pagkamatay sa baha ay nangyayari sa mga sasakyan. Mas ligtas na umikot pabalik at humanap ng ibang ruta.
- Huwag kailanman magmamaneho sa paligid ng mga barikada. Ginagamit ng mga lokal na tagatugon ang mga ito upang ligtas na idirekta ang trapiko palayo sa mga binahang lugar at naharangan o saradong daan dahil sa gumuhong semento o piraso ng anumang materyales.
- Huwag hahawakan ang baha, dahil maaari kang magkasakit. Ang baha ay maaaring maglaman ng mga dumi sa banyo, mapanganib na kemikal, patay na hayop, at mabibigat o matutulis na bagay.

## BUMAWI MULA SA ISANG BAHA

- Kung kailangan mong lumikas, maghintay hanggang sa sabihin ng mga opisyal na ligtas nang umuwi.
- Kapag nakauwi ka na, idokumento ang anumang pinsala gamit ang mga larawan.
- Huwag hayaan ang mga bata na maglaro sa baha o maglaro ng mga laruan o anumang bagay na nabasa hanggang sa madisimpekta ang mga ito.
- Huwag magmamaneho o maglalakad sa mga lugar na may baha o natumbang puno. Maaaring may mga linya ng kuryente o piraso ng anumang materyales na nagtatago sa ilalim ng ibabaw.
- Maaaring maging hindi ligtas na gamitin o inumin ang iyong tubig dahil sa baha. Makinig para sa mga opisyal na anunsyo tungkol sa kaligtasan ng pampublikong tubig. Sasabihin sa iyo ng mga awtoridad sa tubig kung hindi ligtas o kung paano gawing ligtas ang iyong tubig sa gripo sa pamamagitan ng pagpapakulo o pagdidisimpekta.